気象に関する警報・注意報発表時における学校の対応について(タガログ語)　【タガログ語】

# Alarma ng panahon・Tungkol sa gagawin kapag nag-anunsyo ng babala

Mababang Paaralan ng Takachaya Lungsod ng Tsu

| | 〈1〉 Kapag nagpalabas ng alarma ukol sa babala ng bagyo, matinding bagyo, matinding pag-ulan ng yelo, malakas na pag-ulan, at baha .<br><br>Kapag nagpalabas ng espesyal na alarma tungkol sa panahon, katulad ng (Malakas na pag-ulan, matinding hangin, pagtaas ng tubig, matinding alon, matinding hangin gawa ng tagyelo, matinding pag-yelo). | 〈2〉Kapag inilabas ang alinman sa mga babala gaya ng matinding ulan, pagbaha, malalaking alon, pagtaas ng tubig-dagat, o paalaala gaya ng matinding ulan, pagbaha, malakas na hangin , kidlat . |
|---|---|---|
| Bago mag-umpisa ang klase | ① Kahit dumating na ang oras ng 6:00 am, at hindi pa bumababa ang alarma, ipasususpinde ang klase<br><br>② Kapag inalis na ang alarma ng alas 6:00 ng umaga, may pasok at regular ang klase.<br><br>＊ Kahit na bumaba na ang alarma, at napag-alamang delikado ang dadaanang school road, huwag ng papasukin sa paaralan. | Magaganap pa rin ang ordinaryong klase<br>＊Kapag mahirap na makauwi ng ligtas, alamin ang paraan ng pag-uwi.<br><br>【Bago ang klase】<br>【sa oras ng pagpasok o pag-uwi】<br>【Habang nasa paaralan】<br>Kapag inaasahan ang panganib depende sa kalagayan ng bawat paaralan o distrito, ang mga angkop na hakbang ay ipapatupad ng punong-guro, habang nakikipah- ugnayan sa mga magulang upang maisagawa ang pinakamabuti at angkop na hakbang. |
| Oras ng pag-uwi | ① Ang mga batang nasa loob ng paaralan ay ililikas sa ligtas na lugar, pagkatapos ay pareho ang responde tulad kapag uma-attend ng eskwela.<br>② Mag-papatrol ang mga empleyado, ang mga makakasalubong na umuuwing estudyante ay aalalayang makauwi ng ligtas ,sa mga malalapit ang bahay, pauuwiin ng deretso, ituturo din ang ligtas na dadaanan, o di naman ay ligtas na pangangalagaan hanggang sa masundo ng magulang. | Gagawin ang ordinaryong pag-uwi. |

| | | |
|---|---|---|
| | ( Gagawin ng mga empleyado ang pag papatrol sa oras ng pagpasok at pag-uwi ng mga estudyante simula sa pagdating palamang ng umaga. ) | |
| Mag-aaral sa nasabing paaralan | (Gagawin ang pag-pasok at pag-papauwi ng maaga, pareho din ang gagawin sa mga ilang estudyante na pumapasok at pinatigil ang aktibidad sa isports .)<br>① Ang patakaran ay ipatigil ang pagtuturo, at maghahanda sa pag-uwi.<br>② Ililikas sa ligtas na lugar ang mga estudyante, aalamin ang lagay ng hangin at ulan, kokolektahin ang mga impormasyon sa kalagayan ng kalsadang dadaanan ng mga bata.<br>③ Kapag mahirap ang makauwi sa tahanan, makikipag konekta sa magulang ukol sa anak, at ipalalagi muna sa paaralan.<br>④ Kapag napauwi na ang estudyante, makikipag-komunikasyon sa magulang, uunahing gawain ang mga halimbawa sa baba bago ang pag-alam sa kalagayan.<br>(ｱ) Ordinaryong pag-uwi (ｲ) Grupong uuwi mula sa gabay ng mga Guro<br>(ｳ) Pagsalubong sa mga magulang na susundo, pag –sauli sa magulang sa gitna ng paglalakad sa school road, Galing tulong sa mga tagabantay ng bata kapag oras ng uwian.<br>(ｴ) Pangangalaga sa loob ng eskwelahan hanggang sa masundo ng magulang. | Gagawin ang ordinaryong pag-uwi |

※Tungkol sa paliwanag na alarma sa malakas na pagbagsak ng ulan dahil sa pagdating ng bagyo.

(1) Kapag nagbago ang bagyo at nag alarma ng malakas na pag-ulan o pag taas ng tubig, wala pong pagbabagong magaganap.

(2) Kapag walang pagbabago na magaganap kahit na magka alarma dahil sa pagdating ng bagyo, o di kayay maging mahina ang bagyo o mawala na ang bagyo, gayun din ang pagkawala ng alarma, ipag papatuloy parin ang napag disisyunang walang pasok.

※Tungkol sa mensahe mula sa paaralan.

Ang paaralan ay makikipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng emergency contact (email o telepono), ngunit depende sa sitwasyon maaari rin naming gamitin ang Disaster Message Dial (171).